Amihan
NATIONAL FEDERATION OF PEASANT WOMEN

# Mensahe ng Amihan para sa ika - 4 na Kongreso ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA)

Nagpupugay ang Amihan – Pambansang Pederasyon ng Kababaihang Magbubukid sa mga dumalo at nakikibakang mga manggagawang agrikultural sa ika-4 na Kongreso ng UMA na may temang "Mapangahas na palawakin at patatagin ang UMA sa harap ng matinding kahirapan, pagsasamantala at karahasan ng rehimeng US – Duterte" ngayong Marso 18 – 19, 2019. Napapanahon ang paglulunsad ng kongreso ng mga manggagawang agrikultural para pataasin ang diwa ng pagsusulong ng libreng pamamahagi ng lupa, nakakabuhay na sahod, maayos na kondisyon sa paggawa, demokratikong karapatan at laban sa pasismo ng estado.

Nakikiisa kami sa UMA sa panawagang palawakin at patatagin ang hanay ng mga manggagawang bukid para sa ibayong paglaban sa mga patakarang neoliberal ng rehimeng US – Duterte. Walang ibang maaasahan ang mga manggagawang bukid kundi ang kanilang lakas katuwang ang iba't ibang sektor sa kanayunan upang ipaglaban ang kanilang karapatan sa lupa, kabuhayan at demokratikong karapatan.

Sa kasalukuyan, aba na nga ang kalagayan ng mga manggagawang agrikultural laluna ang mga kababaihan sa sektor nito at mga magsasaka. Biktima sila 'di pantay na sahod, mahabang oras ng pagtatrabaho at walang maayos na panganib-pangkalusugan sa paggawa. Tinatratong walang halaga ang paggawa ng mga kababaihan o ito ang unpaid family labor. Bulnerable din sila sa mga abuso, paglabag sa karapatang pantao, pagsasamantala at diskriminasyon.

Sa kabuuan, kasama ng mga mangagawang agrikultural bilang biktima ang kababaihang magbubukid ng kawalang lupa dahil sa kontrol ng iilan sa napakalawak na lupain ng bansa at malawakang pangangamkam, land use conversion ng gobyerno, lokal at dayuhang negosyante.

Hindi din ligtas ang mga kababaihan sa pasistang atake ni Duterte sa kanyang Total War Policy sa pamamagitan ng kontra-insurhensyang Oplan Kapayapaan, Martial Law at Memorandum No. 32 na kung saan, sa 182 magsasakang pinatay, 27 kababaihang magbubukid, 23 matatanda, 7 mag-asawang magsasaka at 8 kabataan ang mga biktima. Sa Sagay massacre, 2 kababaihan at 2 bata ang biktima rito. Tuluy-tuloy ang militarisasyon sa kanayunan kung saan, pangunahing apektado ang kababaihang magbubukid at kabataan na nagreresulta ng trauma, sikolohikal at pisikal na problema sa kalusugan.

Tulad ng mga manggagawang agrikultural na biktima ng mababang sahod, pakyawan at iba pa, biktima din ang kababaihang magbubukid ng kahirapan at kagutuman, kung saan, kinakaharap nito ang matinding problema sa paghahanap ng makakain sa pang-araw-araw na buhay. Sa pagsasabatas ng RA 11023 Rice Liberalization Act, magugutom ang pamilyang magsasaka sanhi ng pagkalugi at pagkawala ng sakahan dahil sa pagbaha ng imported na bigas at mapipilitang bumili ng napakamahal na commercial rice sa mga palengke. Naranasan ng mga manggagawang agrikultural ang malalang kagutuman noong dekada 80 at ang taunang tiempo muerto.

Kung kaya't, malaki ang tungkulin ng UMA para gampanan ang gawaing masa – ang pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa mga manggagawang agrikultural, upang makapaghanda ng sapat

na lakas at impluwensya para sa pagsusulong ng mga kampanya at pagharap sa rehimeng US-Duterte. Gayundin, makapag-ambag ang UMA sa lalo pang pagpapalawak ng kilusang magbubukid sa bansa at signipikanteng makapag-ambag sa pag-aalsa ng mamamayan laban sa rehimeng US – Duterte.

Nagpupugay ang Amihan sa mga nakamit na tagumpay ng mga manggagawang agrikultural tulad ng kampanyang bungkalan sa Negros, Mindanao at iba pang bahagi ng bansa. Ito ay nagsilbing inspirasyon sa iba pang nagsusulong ng pakikibaka ng karapatan sa lupa bilang isang antas ng tagumpay ng paglaya sa kawalang lupa.

Kakapit-bisig ng UMA ang AMIHAN sa pagsusulong ng libreng pamamahagi ng lupa, pagsasabatas ng Genuine Agrarian Reform Bill (GARB), tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

Hustisya para sa mga biktima ng pasistang atake ng rehimen!

Mabuhay ang mga manggagawang agrikultural!
Mabuhay ang mga kababaihang mangagawang agrikultural!
Mabuhay ang UMA!